Prologue

Barangay Kias, Baguio City, April 19, 1994...

Apat na mga paslit ang maiingay na nagkukumpol sa sala sa malaking bahay ng mga Xenaki. Magkakamukha ang mga ito, mapapagkamalang halos quadruplets. Pare-parehong kulot ang mga itim na buhok, matatangos na mga ilong, hugis-pusong mapupulang mga labi at asul na mga mata; mga bata pa lang masasabi nang magiging mga heartthrob ang mga ito paglaki.

"Kunwari nahuli si Yaya Minda 'tas kinulong siya ng mga tulisan," sabi ng walong taong gulang na si Kenneth, ang panganay sa magkakapatid. "'Tapos dapat itakas na natin siya kasi sasaksakin siya n'ung boss leader."

"Ako 'yung susuntok d'un sa kalaban!" nagtatatalon na sabi ni Armand. Ito ang kasunod ni Kenneth. Pitong taong gulang pa lamang ito.

"Tapoth," may lisp ang pagsasalita ng bunso, si Brent, na nagse-celebrate ng fifth birthday nang araw na iyon, "ako 'yung natha taath kathi nakikita ko doon thi Yaya."

"Oo nga," ayon naman ng sinundan nitong si Fernando na ikatlo sa magkakapatid at anim na taong gulang naman. "'Tas kapag nalaglag ka, I will save you."

"Magda-drive ako ng escape car," muling pakli ni Ken.

Marami pang pinag-usapan ang mga bata para mag-orchestrate ng isang rescue mission. Matapos ang ilang minuto, nag-tig-iisang puwesto ang mga ito. Nakaabang sa de-pedal na jeep si Kenneth sa ibaba ng hagdanan habang si Armand ang nasa mga baitang at nakaamba ang mga kamay para mangarate. Si Fernando ay walang takot na sumabit sa laylayan ng isang kurtina para maghandang saluhin ang bunsong kapatid na si Brent na tatalon mula sa barandilyang kinaroroonan nito. May hawak itong punda ng unan para magsilbing parachute.

"Sumuko na kayo!" sigaw ni Kenneth. "Pakawalan n'yo si Yaya Inday!"

"Kuya, nakikita ko thi Yaya," sigaw ni Brent mula sa ikalawang palapag. "Nitali thiya n'ung mga kalaban!"

"Hiyaah!" Panay ang chop sa hangin ni Armand. "'Yan sa 'yo! Um!"

"Brent, talon!" sabi ni Fernando bago sumipa sa pader at magsimulang mag-swing ang kinakapitang kurtina na parang nakahawak ito sa baging.

Eksaktong tumalon si Brent, nakita ang mga ito ng mga magulang. Tumili ang kanilang ina na sinabayan ng takbo ng kanilang ama para saluhin ang may birthday bago ito lumagpak sa marmol na sahig.

Sabay-sabay nagtawanan ang mga bata samantalang ang mga magulang naman nila ay namumula pareho sa galit at pag-aalala at ni hindi makuhang magsalita.

"Ang galing ni Brent!" Pumalakpak sa tuwa si Fernando.

"Ako din! Ako din!" sabay na itinaas ni Armand ang mga kamay, abot-tainga ang ngiti.

"Next na ililigtas natin si Ate Mai-Mai," ani Kenneth na ang tinutukoy ay ang isa pang kasambahay ng mga Xenaki. "Mas mahirap 'yun iligtas kasi may bomb!"

"Kukunin natin 'tapoth, ihahagith natin tha malayo 'tapoth papathabugin natin 'yung bomb, Kuya!" Nagpumiglas si Brent sa pagkakahawak ng ama para lumapit sa mga kapatid.

Nagpalitan na lang ng paningin ang mga matatanda. Ano ba nga naman ang gagawin ng mga ito? These were active kids and very adventurous. Alangan namang itali nila ang mga bata sa kani-kanilang mga kama para makasigurong hindi maaaksidente ang mga ito?

"Tara, d'un tayo sa garden!" Iginiya ni Kenneth ang mga maliliit at saka idinagdag, "kailangan na nating gumawa ng secret mission."

"Yehey!" Sabay-sabay nagmartsa ang mga paslit na parang mga sundalong susugod na sa giyera.

Naupo si Filomena sa tabi ng asawang si Hector na hindi

pa nakukuhang kumilos mula sa sahig. Ikinawit ng babae ang kamay sa bisig ng lalaki.

"Did you ever think," sabi nito, "when we got married that we'd produce a pack of hyperactive kids?"

Umiling ito. "I just hope, Mena, that our hearts and knees will be strong enough to stand more of this."

Muli silang nagtinginan at nagkatawanan. Malambing na hinagkan ni Hector ang asawa at habang inaalalayan nito ang babae para makatayo, muling nagsipasok doon ang mga bata.

"Dad, Mom, can we go to school next door? All of us?" Tumayong spokesperson ng grupo ang panganay.

"Next door?" kunot ang noong untag ni Hector.

"Ith thayth *PMA*?" Namimilog ang mga mata ng bunso.

Gusto yatang mahimatay ng mag-asawa.